

# Ang Noumenal at ang Nominal sa Panulaan ni Allan Popa

*The Noumenal and the Nominal in Allan Popa's Poems*

**EMMANUEL JAYSON V. BOLATA**

evbolata@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

## **ABSTRAK**

Sinisikap ng sanaysay na ito na pag-isipan at pag-ugnayin ang “noumenal” at ang “nominal” gámit ang panulaan ni Allan Popa at ang interpretasyon ng kritikong si Romulo P. Baquiran, Jr. sa poetika ng makata. Ang diskursong inilatag ng makata at ng mga tula tungkol sa salita, panahon, at wala ay mababása bílang tangka na abangan at silipin ang “noumenal,” o ang mga bagay-sa-sarili-nito (*das Ding an sich*). Gayumpaman, sapagkat nagsasarili ang noumena lampas sa ating wika, karanasan, at kaalaman, maaari lámang natin itong lapitan sa pamamaraang penomenolohikal. Ang utos sa tulang *Sa Lukoy* ni Popa na “Hayaang tumugma ang pantig/sa pintig ng di makahihintay na saglit./Hayaang sumayaw ang wika alinsabay/sa kumpas./Hayaan sa panandaliang lugar” ay hindi nalalayo sa atas ng mga penomenologo na bumalik “sa mga bagay mismo” (*zu den Sachen selbst*), at sa tinutukoy ng kritikong si I.A. Richards na, “Mahalaga hindi ang *sinasabi* ng tula, kundi kung ano *ito*.” Kung ipauubaya ang kahulugan at talinghaga sa mga salita at bagay mismo, kinakailangan nito ng panibagong uri ng pagbabasá. Kinasangkapan ko rito ang sintaktikong lapit sa tula na bihirang gawin ng mga kritiko at mambabasá ng tula. Dito mapalilitaw ang halaga hindi lámang ng mga “nominal” (pangngalan) kundi maging ng mga di-nominal at mga pagpili ng salansan ng mga salita. Nagtatapos ang sanaysay sa pagmumuni sa gampanin ng makata at panulaan sa pagtutulay ng kaalaman at paniniwala, at sa pagsasalikop ng agham at panitikan para sa “pagtuklas ng kagandahan ng Sining.”

## ABSTRACT

This essay attempts to think about and connect the “noumenal” and the “nominal” using the poems of Allan Popa and the interpretation of the critic Romulo P. Baquiran, Jr. on the poetics of the poet. The discourse on words, time, and the nothing provided by the poet and the poems can be read as an attempt to wait for and peek at the “noumenal,” or something that characterizes the thing-in-itself (*das Ding an sich*). However, because the noumena are independent from our own language, experience, and knowledge, we can only approach them through a phenomenological way. The command of the poem *Sa Lukoy* by Popa, “Hayaang tumugma ang pantig/sa pintig ng di makahihintay na saglit./ Hayaang sumayaw ang wika alinsabay/sa kumpas./Hayaan sa panandaliang lugar” (Let the rhyme rhyme/ with the beat of the moment that can’t wait./ Let the language dance according/ to the beat./ Let [them be] in a fleeting place) is not too far from the cry of the phenomenologists to return “to the things themselves” (*zu den Sachen selbst*), and from what the critic I.A. Richards said, “It is never what a poem *says* that matters, but what it *is*.” If we will let meaning and metaphors to be in the words and things themselves, we need a new way of reading. I used here a syntactic approach to poems which is rarely used by critics and readers of poetry. With these we can emphasize the value not only of the “nominal” (noun) but also the non-nominals and the choice of word arrangement. The essay ends with musings on the role of the poet and poetry in bridging knowledge and belief, and in fusing science and literature to “discover the beauty of Art.”



### *Sa Lukoy*

Allan Popa<sup>1</sup>

Tapyasin ang ligoy ng *kasalukuyan*.  
Ang lawig, mga laping lumalabis.

Sapagkat lumipas na ang patak  
ng sandali bago ito mahuli sa mga labi.

Sa aklat, (*salukoy*) ang ugat  
ng salita. Ngunit, may mababakas  
na alinlangan sa bigay na kahulugan.

Waring pinahalalata ang pinsala  
sa saping benda o saklay.  
Ang sariwang sugat na pinagputulan.

Ngayon, pawalan sa pigil  
ng panaklong ang mga purong kataga  
na kay bilis malanta, mabilasa.

Ngayon, buksan ang kawalang-tiyak  
ng sumasapong mga palad.

Ngayon, tumbukin ang tamang oras.

Ngayon, maitatakda ang ngayon  
sa daloy ng panahon.  
(bago)

Hayaang tumugma ang pantig  
sa pintig ng di makahihintay na saglit.

Hayaang sumayaw ang wika alinsabay  
sa kumpas.

Hayaan sa panandaliang lugar.

Habang sa dila, malalapas ang lundo  
sa *lukoy*, ang bilugang patak,  
ang dalisay na butil ng sandali sa leeg  
ng orasang di masaid ang pagguho.

Habang lumalawak ang mga disyerto.

Palayo sa panahon ni *Kopong-kopong*.  
Palayo sa bundok ng *Tralala*.

<sup>1</sup> Mababása ang tulang *Sa Lukoy* ni Allan Popa sa *Morpo: Mga Pagsasanaysay sa Tula* (Virac, Catanduanes: Aklat Ulagad, 2021), 7–8. Unang lumabas ang *Morpo* noong 2001. Kasáma rin ang tula sa apendise ng “Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Bagong Tula ng mga Kabataang Makata sa Filipino” ni Romulo P. Baquiran, Jr., na naunang lumabas sa *Hulagwáy*, tomo 4, blg. 1 (Setyembre 2004), at muling nailathala nang may rebisyon—gamit ang pinaikling pamagat na “Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Kabataang Makata”—sa koleksiyon ng mga sanaysay ni Baquiran, *Hiwatig: Pagsipat sa mga Tekstong Poetiko at Popular* (2014). Walang binago si Popa sa tula nang lumabas ang panibagong bersiyon ng *Morpo* nitong 2021.

## “PAWALAN SA PIGIL... ANG MGA PURONG KATAGA”

Sa sanaysay na *Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Kabataang Makata*, kinilala ni Romulo P. Baquiran Jr. ang makatang si Allan Popa bilang “kinatawan ng mga kabataang manunulat” na nagsusulong ng “pamamaraang ultra-retoriko sa pagsulat ng tula” (*Hiwatig* 82–83). Upang ipaliwanag kung ano nga bang pamamaraan ito ng pagtula, ginamit ng kritiko ang tulang *Sa Lukoy* mula sa kalipunang *Morpo* bílang halimbawa. Idiniin ni Baquiran na “isa itong pagpapahayag ng poetika ng makata”; na pinupuna nito ang pagpapaligoy-ligoy, pagpapalawig, at kalabisan sa pagtula, sa binanggit na “panukala ng tula na bigyang pansin ang buod ng termino at isantabi ang borlology”; na maiaangat ang ganitong “pahayag” sa praxis ng panulaan bílang “kritisismo sa kontemporaneong pagtula,” hindi lámang sa mas matandang henerasyon ng mga modernista, kundi maging sa mga kabataang makatang humahabi ng “liriko o tulang protesta/makalipunan”; na nasa “pagpapaubaya” sa kaligiran ang “esensiya ng tula,” at narito, kung hindi man *ito* mismo, ang “buod ng tula bilang isang post-estrukturalistang teksto” (*Hiwatig* 86–87).

Taliwas ang ginawang pagbása ni Baquiran sa binabanggit sa blurb ni Mesándel Virtusio Arguelles sa *Hiwatig* (“magaang, dimaligoy, at walang maraming jargon”), at higit na mahalaga, sa mismong ibinabalala ng tula ni Popa. Sa halip na iwasan ang mga ligoy, lawig, at labis, pinalibutan pa ito ng kritiko ng mga “borlology” tulad ng pagtawag sa tula bilang “post-estrukturalista,” “epitome ng eksperimental na paraan sa pagsulat,” at nagtataglay ng “ultra-sinekdoke.” (Dahil dito, mapapaisip táyo na baka nga karaniwan o araw-araw na ang ganitong mga salita para sa mga makata at kritiko.) Taglay din ng pagbása ang mga panloob na kontradiksiyon (sa pagbanggit na ito, baka nga mas “post-estrukturalista” pa ang paliwanag sa tula kaysa sa tula mismo). Una, sa metodo ng pagbasa: kabaliktaran sa ipinapahiwatig ng tula na

“titigan ang” o “makipagtitigan sa” (hango kay Jerry B. Grácio)<sup>2</sup> “mga purong kataga” (sak. 5), kumbaga tingnan ang tula sa imanenteng paraan (“paloob,” kung hindi man “mula sa loob, paloob,” tulad ng gamit ni Baquiran hinggil sa mga tulang modernista<sup>3</sup>), ang ginawa ng kritiko ay ilabas, iugnay sa labas, o palabasin ang tula sa kabila ng pagtukoy at pagkilala nito ng mga hangganan. Kung pinagtatapyas na ang salita upang manatili lámang ang ugat, masisilayan sa “sariwang sugat ng pinagputulan” ang pagtatakda ng hangganan, ng loob at labas, na para sa pilosopong si Gaston Bachelard (218), masakit kapuwa sa pinutol (labas) at pinagputulan (loob): “Kung meron mang umiiral na larang ng hangganan (*borderline surface*) sa pagitan ng isang loob at labas, ang larang na ito ay masakit para sa parehong panig.” Mababanaag ang “sosyalisasyon” ni Baquiran sa kaniyang pagbabasá ng tula sa pamamaraang palabas kaysa paloob: ito raw ay pananagisag sa mga moda ng pagtulang masyadong masalita, na maipupukol sa mga makatang tradisyonal, Balagtasista, o kahit pa modernista o lirisista. Dalá ng ganitong paghawak sa tula, lalo itong magpupumiglas, gaya ng nasa *Sa Panig ng Katotohanan*: “Saglit na nagpumiglas ang buwan sa pagnanasang manatili sa lilim tulad/ng isang salitang nais mawalan ng kahulugan.” (Popa, *Kundi Akala* 9). May babala ang kritikong si I.A. Richards sa ganitong paghawak.

Kahit sa pagkakataong gumagamit ang tula ng pasalitang materyal, na sinasabing naganap sa kung anumang insidenteng mahalaga sa tunay na buhay, magiging padalos-dalos tayo kung ipapalagay natin nang may buong kumpiyansa na ang nasabing insidente, sa kung anumang malalim na paraan, ang nagdulot ng tula. Sinumang sopistikadong mambabasa ng kathang detektib ay mapapangiti sa ganoong payak na pag-iisip ng isang Lestrade. Maaaring ginagamit lamang ng tula para sa sarili nitong layon ang anumang nabibilang, sa tunay na buhay, sa ibang larangan. Ngunit bihirang magpakita ng ganoong pag-iingat ang mga biograpikong kritiko (Richards 113).

<sup>2</sup> Mula sa Facebook post ni Jerry B. Grácio noong 1 Agosto 2015 hinggil sa koleksiyong *Kami sa Lahat ng Masama* ni Allan Popa (Popa, “Jerry Gracio”).

<sup>3</sup> Bagaman may paghahating espasyal sa dalawang pamamaraan ng pagtula (“palabas” para sa tradisyonal at Balagtasista vis-à-vis “paloob” para sa modernista) na hinango rin ni Baquiran sa kaniyang pagbabasá ng *Balagtasismo versus Modernismo* ni Virgilio S. Almario, nilinaw ni Almario (73) sa “Palabas at Paloob: Tambalang Mukha ng Pagtula” na parehas na umiiral ang ganitong “malikhaing tunguhin” sa panulaan, sa tradisyonal na moda man o sa makabago. Ang naturang sanaysay ay muling babanggitin ni Almario sa bágong edisyon ng *Balagtasismo versus Modernismo* (viii-ix).

Pangalawa, ang pagtatabi ng “esensiya” at “post-estrukturalista,” na para bang pagtatabi ng taling pambuhol sa sundang na pantagpas: paano magiging post-estrukturalista ang teksto kung nasa pagiging sinekdoke ang esensiya o buod nito? Transedental ang pagtinging ang maliliit na piraso ng imahen ay may ipinahihiwatig na “mas malaking kabuoan”; pansinin ang binanggit ng kritiko na, “Sapat na halimbawa ang mahugisan ang guho (ruin) upang mawari ang kabuoan ng lungsod o katangian ng isang sibilisasyon” (Baquiran, *Hiwatig* 86). (Mas angkop pa yata ang paliwanag na ito sa sonetong *Ozymandias* ni Percy Bysshe Shelley kaysa sa *Sa Lukoy* ni Popa.) Kung hinahanapan pa rin ng kritiko ang tula ng kahulugan sa ilalim, sa labas, o lampas dito, hindi ito kailanman magiging post-estrukturalista, sapagkat ang pagkakabit-kabit ng mga piraso upang makabuo ng kabuoan ang siya mismong sinasalungat ng ganitong pag-iisip. Ang akto “[p]alayo sa panahon ni *Kopong-kopong*/ [p]alayo sa bundok ng *Tralala*”<sup>4</sup> ay baka nga lalo pang paglapit o pagbalik dito, sapagkat sa ganitong pagbaluktot ng kalikasan ng mga bagay, posible na “ang lahat ng daan ay daan pauwi” (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 41–42). Walang tatag ng mga dakilang naratibo, kabuoan, estruktura, atbp., ang matututungan ng anumang pagsasa-post-estrukturalista. Ang prenosyong may organisadong kabuoan ang serye ng mga salita sa *Sa Lukoy* na ipinapalagay na mauunawaan lámang kung alam natin ang mga pagkakaugnay-ugnay ng mga bagay ay kontradiktoryo sa utos ng tula na “hayaan... hayaan... hayaan” (sak. 9–11).

Nagsisimula ang kalituhan sa premise na isang “pahayag” (*statement*) hinggil sa pagtula ang *Sa Lukoy*. Sa literal na pagbása, sa halip na “pahayag,” pagbabahagi ng metodo ang mayroon sa tula. Metodolohiya ang nangingibabaw sa tula sa halip na ontolohiya, bagaman mayroon pa rin itong tinututungan kalikasan ng kayarian. Ito ang napansin ng tagasaling si Jose Perez Beduya (Beduya & Popa 359) sa koleksiyong *Morpo*: “Napagtanto kong ang pagsasalin ay *transcoding* hindi lamang ng mga kahulugan ngunit, mas mahalaga, ng mga proseso—isang pantograpikong pagtatanghal ng manipulasyon ng may-akda sa mga salita bilang mga kongkretong materyales, na

malay sa mga katangian ng orihinal na wika.” Naglilista ang *Sa Lukoy* ng mga hakbang na iniutos sa kausap ng persona. Hindi rin maituturing na “eksperimento” ang tula, sang-ayon sa pakahulugan ni Epoy Deyto (53): “Ang eksperimental ay prototype 1. Puwedeng basura. Puwedeng hindi. Wala pang anumang kumbensiyon ang prototype. Hindi dahil sa hindi ito sumusunod sa anumang kumbensiyon. Kundi ang produktong eksperimental ay palaging maaga pa kung huhusgahan... Ang akdang eksperimental ay palaging hindi pa handa para tingnan.” Sa katunayan, simple lámang ang sinasabi ng tula. Tungkol ito sa karera ng panahon at salita; lagíng lipas o hulí (“kay bilis malanta, mabilasa” sa sak. 5) ang salita (*speech*) at titik (*written word*), at gayundin ang akto ng pagsasalita at pagsusulat. Kung lipas na ang salita (oral o pasulát), tapos na itong harapin, husgahan, o tingnan. Kung gayon, hindi ito “eksperimento” na palaging nakatuntong sa posteridad.

Kung mayroon mang maituturing na “buod” ang tula, hindi ito ang unang sagnong, ni ang hulíng dalawang sagnong na pinagtuonan ni Baquiran, kundi ang ikalawa. At kung mayroon mang masasabing “pahayag” sa tula, ito na rin mismo iyon. Tinatawag naman ito ni Richards (112, 115) na “paksang pangungusap,” kung saan (maaaring) naroroon ang “paglikha ng tula ng suliraning lingguwistiko na ang taglay na solusyong pangwika ay ang nilalayong abutin sa katapusan.”

Sapagkat lumipas na ang patak ng sandali bago ito mahuli sa mga labi.

(Popa, *Morpo* 7)

Narito ang kalikasan ng kayarian na nagiging hilang-grabedad sa buong tula. Nagsisilbi itong rasyonal ng mga utos sa kausap ng persona sa mga susunod pang sagnong. Ipinapalagay sa tula na mas mabilis ang usad ng panahon kaysa sa pagsasalita (“bago ito mahuli sa mga labi”). Ipinapalagay ding mas nauuna ang akto ng pagsasalita kaysa sa pagsusulat. Mahaharaya na ang tula, bilang serye ng utos, ay binigkas muna bago isulat, o sa isang alternatibong scenario, binigkas na utos sa isang nagsusulat, at sa wakas ng utos, ang resulta ng pagsasanay: ang pamagat na *sa lukoy*, mula sa *kasalukuyan*. Sa halip

<sup>4</sup> Ang *kopong* sa Bahasa Indonesia ay nangangahulugang “walang laman; guwang; zero” (katumbas din ng *kosong* pareho sa Bahasa Indonesia at Malay), kung kayâ ang “nineteen kopong-kopong” ay nangangahulugang dantaon 19. Sadya man o hindi, isinatao ni Popa ang *kopong-kopong* sa pamamagitan ng panghalip paari na *ni* (“panahon ni Kopong-kopong”). Ang *tralala* ay maaaring onomatopoeia.

na pagbuo ng pahayag laban sa espesipikong uri ng pagtula na tinutukoy ni Baquiran (*Hiwatig* 86), ang “pagsasanaysay sa tula” ay nangangahulugan ng mga pagsasanay o ehersisyo (iba sa “eksperimento”), tulad na rin ng pagpapakahulugan sa *essay* o *essais* bilang pagtatangka o pagsubok. Gayundin, hindi pa rin mawawala ang “pagsasalaysay ng sanay” bñlang pakahulugan sa Pilipinong neolohismong *sanaysay*, sapagkat ang persona ng tula, sa kaniyang mga akto ng pag-uutos, ay maituturing na dalubhasang may awtoridad, kung hindi man simpleng nauna nang nakaranas o “dumaan na rin diyán” (cf. “Ang Walang Hanggan” sa Popa, *Autopsiya* 60).

Ang *Sa Lukoy* ay maituturing na sagisag o senyas (*sign*). Ang tradisyonal na pagkilates sa senyas ay kinasasangkutan ng paghimay sa sangkap nito, ang sumasagisag (*signifier*) at ang sinasagisag (*signified*).<sup>5</sup> Ganito ang sinundang metodo ni Baquiran: habang kinikilala ang mga nakasulat bñlang signifier, hinahanapan naman niya ito ng signified mula sa labas ng tula. Dagdag sa tradisyonal na pagtingin sa senyas, signifier, at signified ang sumusunod na paliwanag ni Jacques Derrida sa “senyas” na magagamit natin sa pag-unawa sa *Sa Lukoy*.

Kinakatawan ng senyas ang nariyan [*present*] sa kawalan nito. Ito ang pumapalit sa lugar ng nariyan. Kapag hindi natin magagap o maipakita ang bagay, maipahayag ang nariyan, ang pagiging-nariyan, sinesenyasan natin, idinadaan natin sa senyas. Tumatanggap at nagbibigay tayo ng senyas. Sumesenyas tayo. Ang senyas, sa ganitong pakahulugan, ay naantalang presensiya. Nauukol man tayo sa pasalita o nakasulat na senyas, sa simbolo ng salapi, o sa delegasyong panghalalan o politikal na representasyon, ang paglibot ng mga senyas ay umaantala sa sandali kung kailan maaari sana nating makatagpo ang mismong bagay, sarilinin ito, gamitin o gastahin, hawakan, tingnan, pagmunihan ang presensiya nito... At ipinapalagay ng estrukturang ito na ang senyas, na umaantala sa presensiya, ay magagagap lamang sa *batayan* ng presensiyang inaantala nito at *patungo* sa

inantalang presensiya na nilalayan nitong muling angkinin (Derrida, “Différance” 61).<sup>6</sup>

Balikan natin ang tula. Sa likod ng ating isip, ituturing natin ito bñlang “senyas” sa pakahulugan sa itaas. Ang *Sa Lukoy* ay nakasulat na proseso (at kalaunan, produkto). Ngunit naunahan na ito ng dalawa pang proseso: ang pagdaan ng panahon at ang pagsasalita gamit ang labi. Mabilis ang pagdaan ng kasalukuyan, at ang pag-unawa natin sa pagdaan nito ay palaging lipas na, *nakalipas na*. Ito ang nais “húlihin” ng labi. Ang pagsasalita gamit ang labi ay isang paraan ng pagsesenyas; ang salita mula sa labi ay senyas. Ito ang pansamantalang pinanghahawakang “presensiya” ng matuling kasalukuyan habang hinahabol pa ito ng bibig. Wikang pasalita na muna ang mayroon sapagkat naantala pa ang “pagpapakita” ng aktuwal na panahon; umalis na ito nang táyo’y bumisita, wikang pasalita na muna ang tumanggap sa atin habang hinihintay pa natin ang “presensiya” ng gusto nating katagpuin. Nariyan ang wikang pasalita habang wala pa siya, ang kasalukuyan. Kapalit ito ng kasalukuyan; ibig sabihin, hindi ito *ang* kasalukuyan. Hindi natin maaangkin ang salitang gáling sa bibig, dahil ang hinahanap natin ay ang panahon. Salita ang midyum natin ng pag-aangkin, hindi ang object o layon ng pag-aangkin. Kayâ, sinasabi sa tulang *Simula*, “Umalpas sa aking bibig ang mga salitang kailanman/ Ay hindi naging akin” (Popa, *Kundi Akala* 2). (Matutukso rin tayo sa kung paano nagtatapat ang “akin” ni Popa at “angkin” ni Derrida.)

Ngunit ang wikang pasalita ay mayroon ding sariling pinagkakaabalahan. Hindi permanente ang pagiging-naririyan nito; mayroon din itong ibang aasikasuhin, gagawin, pupuntahan. Muli, sa *Simula*, “Lumisan ang mga salitang hindi ko mahawakan/ Sa pag-asang matutunton ang kahulugan” (Popa, *Kundi Akala* 2). Kung kayâ, sa paglisan ng wikang pasalita, papalitan ito ng wikang pasulát. May antala sa pagitan ng pagsasalita at pagsusulat. Nauuna ang salita, sumusunod

<sup>5</sup> Maiugat ang mga konsepto ng sign (*signe*), signifier (*signifié*), at signified (*signifiant*) sa lingguwistang si Ferdinand de Saussure (65-70). May sari-sarili man itong kahulugan at gampanin na partikular sa disiplina ng linguistics, hiniram at inangkin na rin ito ng ibang larang, tulad ng panunuring pampanitikan at cultural studies. Sa ganitong appropriation, makikita natin ang reduksiyon (kung hindi man distorsiyon) ng “signifier-signified” patungong “salita-kahulugan”.

<sup>6</sup> Nararapat ding tandaan na isang proyekto ni Derrida ang dekonstruksiyon ng mga konsepto hinggil sa signifier-signified at speech-written word na pinagtibay ni Saussure. Mababása ang pinakakomprehensibong pagwiwika ng kritika sa *Of Grammatology*.

ang sulat. Pansinin ang problema ng persona sa *Simula*: “Nasambit ko: maisusulat ko ito./ Ngunit hindi ko mabuhay ang aking mga kamay.” (Popa, *Kundi Akala* 1). Gaya ng pulis sa pelikula, ang sulat ay tulong na laging huli kung dumating. Sa *Mga Liham ni Elizabeth Bishop*: “Laging huli ang tulong kung dumating. [...] / Sundan mo ang tulak ng bibig at iparinig/ Ang tinig ng tulang nasa iyong isipan. [...] / Laging huli ang tulong kung dumating man.” (Popa, *Kundi Akala* 5). Ang pagsusulat, para sa makata, ay “ang huli sa mga huli,” itong “bawat pagtatangkang tumula” at “bawat pagharap sa blangkong papel” ay mga gawaing nagagawa lamang “pagkalipas,” “pagkaraan,” at “pagkatapos” (*Ang Huli sa mga Huli*, sa Popa, *Libot ng Durungawan* 14). Gayumpaman, may mga tula ring nagpapahayag ng pangunguna ng sulat kaysa salita, tulad ng *Walang Pagsidlan* (Popa, *Walang Pagsidlan* 32), kung saan inilimbag sa anyo ng tula ang “pag-ibig na gusto mong/ ipagsigawan sa mundo/ ngunit pipigilin/ sa bingit ng pagbigkas”.

Kung gayon, doble-antas na senyas: Senyas bílang kinatawan ng lumisan, kung hindi man naantalang, pagkatawan ng senyas sa orihinal na nawawala, ang kasalukuyan. Sa pagtanggap sa mambabasá ng wikang pasalita, maaaring pinag-uusapan pa ang maaaring masabi: “kasalukuyan,” “sa lukoy,” “bundok ng Tralala,” “panahon ni Kopong-kopong,” atbp. Ngunit sa pagtanggap ng wikang pasulat, nauukol na ang usapan sa pagkakaltas ng nakatitik na panlapi at pagpapakawala ng mga panaklong. Kung aalisin ang anyo at bisang performatibo at gagawing ikatlong panauhan ang persona upang linawin ang mga kilos, hindi nalalayo ang *Sa Lukoy* sa *Letras y Figuras* (Popa, *Kami sa Lahat ng Masama* 19), na naglalarawan ng pag-eedit ng sulatin.

#### *Letras y Figuras*

Minamarkahan ng manunulat  
Ang lunan ng pinsala sa papel.

Tulad ng dugo sa pinto  
Na ipinipinta ng sugong anghel

Matalas ang daliri na gumigilit sa leeg.  
Malinaw ang pagnanais makasugat.

May ligaya sa pagtarak ng panulat.  
Sinasaksak nang sinasaksak.

Hindi mabilang ang nalalagas.  
May nagwawalis ng mga salitang naagas.

Bahagi ng metodo ang pag-andar sa magkakasunod-sunod na hakbang o sitwasyon hanggang sa marating ang pinal na produkto. Kung babasahin ang *Sa Lukoy* bílang tulang metodolohikal, maituturing ito bílang senyas sa pakahulugang “pagkilos ng mediasyon” (Derrida, “Différance” 61). Tungkol ito sa pagpapagitna ng tula sa pagitan ng pinag-uukulan at ng naantalang bagay na pinag-uukulan nito ng panahon (sa salitang “pinag-uukulan,” hindi na kailangang linawin pa ang audience, kung ito man ang mambabasá, ang makata mismo, o kapuwa tula). Mapanghámon ang tanong ni Richards, “Paano nalalaman ng tula na tapos na ito?” (103–121). Sa hulíng dalawang taludtod ng tula, ipinapahiwatig ang hindi pa rin mapipigilang pagkilos ng tula/salita, kung saan man patungo o kung kailan man iiral. Tila hindi pa tapos ang tula. Ngunit, kung susundan si Richards, buo na ang tula. Babalik sa pamagat: *Sa Lukoy*. Pagbalik sa pamagat, maaari nang burahin ang buong tula, para bagang *The Emperor’s New Sonnet* ni José Garcia Villa (133),<sup>7</sup> dahil alam na ng bumása ang prosesong pinagdaanan upang makamit ang pinal na produkto, ang pamagat (na tula na rin sa sarili nito).

Ngunit pinanatili ni Popa ang dapat sana’y binura na. Sa ibang tula, tahasang tinanggal ang wala: “Una sa lahat kailangan ko/ ng katahimikan [...] / Nawalan na ako ng tahanan/ Kasamang nawala ang tanawin at isang pananaw/ Ikatlo ibinulong ko” (*Walang Anuman*, sa Popa, *Libot ng Durungawan* 18). Ibinulong ang ano? Wala. Anong wala? Walang anuman. O baka “katahimikan” ang ibinulong, na sinasagisag ng blangkong espasyo pagkatapos ng hulíng taludtod. Ibang kaso ang *Sa Lukoy*: nagsilbi itong historikal na ebidensiya ng pinagdaanan ng matulaing proseso. Para saan? Sa maraming dahilan, nangingibabaw ang nostalgia. Pansinin ang panapos na mga linya ng *Sa Talaan ng Hindi Tunay na Pangalan* (Popa, *Basta* 30):

<sup>7</sup> Paglilinaaw: maihahambing ang mungkahing “pagbura sa tula” sa *The Emperor’s New Sonnet* dahil lámang sa pagiging blanko ng tula. Hindi ko sinasabing pareho ang sinasandigang rasyonal ng *The Emperor’s New Sonnet* at ng mungkahi. Ang metapora ng *The Emperor’s New Sonnet* ay espesipikong nakatuntong sa kuwento ng *The Emperor’s New Clothes*, hindi sa konsepto o pamamaraan ng erasure poetry.

Iniibig mo ang hindi maaaring ariin,  
ang hindi tatanggap sa maibibigay.

Sa ganitong paraan ka lumalaya:  
ipiniipit ang wala na sa simula't simula.

Ipinapahiwatig ni Popa na salita ang teritoryo kung saan maaaring maari ang wala na. Operatibo sa parikalang ito ang pagpapalaya: ang pag-angkin hindi sa mayroon (dahil mauwi ito sa pananakop, na hindi mapagpalaya), kundi sa wala. Kumbaga, hindi rin nawalan ang persona, mayroon pa rin siya, mayroon siyang wala.

Sa tulang *Autopsiya*, ang wala ang pinakamakahulugan sapagkat ito ang kinauwian ng kilos: “upang makita sa kaibuturan ang wala” (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 21). Dalawa ang puwedeng pagbása sa panapos na saktong ng *Pagkaraan* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 14): “Tapos, isang araw/ hindi mo na mabuhat/ ang kawalan/ sa iyong kamay.” Una, wala naman talagang laman ang kamay kayâ walang anumang mabubuhat. Ikalawa, may laman ang/sa wala, at ito ay mabigat, kung anuman ito. Madarama rin ang parehong bigat ng wala sa suicidal na persona sa *Ang Walang Hanggan* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 60) na inilalarawan ang sariling karanasan bflang “walang hanggang hangganan.” Sa pagbuka naman ng kamay ng bata sa *Aralin* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 93), walang laman, pero akala mo lang wala, pero mayroon. Mayroon para sa bata: “ang mundong/ nilisan ng paruparo.”

*Aralin*  
Anong nahuli mo?

Binuksan ng bata  
ang kanyang palad.

“Nasa kamay ko  
ang mundong  
nilisan ng paruparo.”

## NOUMENAL

**D**alawang landas ang iminumungkahi ng pag-ari, pagsilay, at pagbuhat sa wala sa mga tula ni Popa.

Una, isa itong tangkang paglapit sa *noumenon*, isang konsepto na maiuugat sa Alemang pilosopo na si Immanuel Kant (Russell 701–718; Abulad 64–65). Ang noumenon, o ang

bagay-sa-sarili-nito (*das Ding an sich*), ay hindi natin kailanman malaláman o mauunawaan. Nagsasarili ito labas sa ating pandama, wika, at karanasan. Sinasabi pa ng pilosopong si Romualdo E. Abulad na isang pagkakamali ang tangkang alamin ito.

Ang dahilan kung bakit nahhirapan tayong arukin ang kahulugan ng numenon ay sapagkat wala tayong kakayahang unawain ito. Isang pagkakamali ang sikapin nating hagipin ang numenon o ang bagay-sa-kaniyang-sarili nang para bagang ito ay may mga sungay na maaari nating bunuin. Ang numenon ay walang mga sungay at ni hindi natin kayang mahagip. Ang sinisikap nating unawain ay isang bagay na lampas sa ating pang-unawa (Abulad 64).

Gayumpaman, hindi dahil hindi natin ito *malaláman* (dulot ng hangganan ng purong katwiran at agham) ay hindi na natin ito magagawang *isipin* (Palmquist 102, 70f). Hindi man natin maláman kung ano ba talaga ang wala, napapangalanan naman natin ito at napag-iisipan. Para kay Kant, may dalawang pakahulugan ang noumenon.

Kung para sa ‘noumenon,’ ang tinutukoy natin ay isang bagay na hindi pinagtutuonan ng ating *makatwirang pag-iisip* [*not an object of our sensible intuition*], at lubos na abstrakto para sa ating paraan ng pag-iisip para rito, ito ang noumenon sa *negatibong* pakahulugan ng salita. Ngunit kung unawain natin ito bilang isang tuon ng ating *di-makatwirang pag-iisip* [*an object of a non-sensible intuition*], may ipinapalagay tayo, kung gayon, na isang natatanging paraan ng pag-iisip, ang intelektuwal, iyon na hindi natin taglay, at iyon na hindi natin magagap kahit man lamang ang posibilidad nito. Ito ang ‘noumenon’ sa *positibong* pakahulugan ng salita (sinipi sa Oakes 33).

Ang pagkatiwalag ng wala (kung ituturing itong noumenon) sa gagáp ng rasonable at siyentipikong pang-unawa ay siya ring nagpapalakas sa kapangyarihang metaporikal ng anumang tula. Pansinin, halimbawa, ang pagsasanib ng dalawang *noumena* sa tulang *Kawalaan* (15) ni Cirilo F. Bautista, ang Kawalaan at ang Diyos. Bubungaran ito ng pahayag tungkol sa halos pagsasalungat ng tao at ng Kawalaan: “Ang sagabal sa pagka-Diyos ay ang ating/ takot sa Kawalaan.” Magsasara

naman ang tula sa sumusunod na deklarasyon:

Tandaan: ang landas sa pagka-Diyos ay itong Kawalaan na pinsan ng katahimikan.

Tandaan: tumahimik, mawala, maging Diyos. Liban dito, lahat sa mundo ay kahangalan.

Ikalawa, para bahagyang maunawaan ang wala, sa halip na ituring itong noumenon, lalapitan natin ito sa paraang penomenolohikal. Ang wala ay hindi na puro, itinatabi ito sa mayroon, kayâ ang kauna-unawang wala para sa atin ay hindi ang *absolutong wala* kundi ang *mayroong-wala* o *walang-mayroon*. Para sa pilosopong si Roque J. Ferriols, S.J., hindi na kailangang pag-usapan ang wala, dahil wala namang pag-uusapan dito. “Kung ihahambing mo ang mayroon sa supot, ang hangganan ay wala. Walang supot. Mayroon ka bang baon? Mayroon. Saan? Kung wala ang isinagot mo, tapos ang kuwento. Hindi na tatanungin kung nasaan pa” (Ferriols 10). Gayumpaman, marami ring palaisip ang kumakagat sa Wala—kung ang walang ito ay maitatapat natin sa konsepto ng “absent-present.”<sup>8</sup> (Kung kayâ, ginagamit sa sanaysay na ito ang salitang “noumenal,” upang katawanin ang mala-noumenon sa halip na purong noumenon.)

Kinakasangkapan ng mga makata ang penomenolohiya, o “ang agham ng penomenon” (Timbreza 55–62), upang ipaliwanag at panindigan ang kanilang sari-sariling poetika.<sup>9</sup> Sa ganitong pagtingin, kinikilala ang gampanin ng makata bílang *noesis* (ang subject na malay na umaalam) at ng tula bílang *noema* (ang bagay na nagpapakita upang malaman). Minsan, ang tula ay nagsisilbing mediasyong pangwika lámang (tulad ng makikita sa mga metodolohikal na tula ni Popa) patungo o galing sa noema, na maaaring isang konsepto, larawan, kahulugan, o ano man na ipinaparaan ng makata sa wika (o ang akto ng pagtula). Kung masigasig ang makata, maaari niyang

maaninag ang *noumenon* mismo—sapagkat ang mga bagay-sa-sarili-nito ay “ang sanhi ng ating mga sensasyon” (Russell 707).

Ang makata, sa ganitong pakiwari, ay isang tagapagmasid ng pagpapakita ng mga bagay. Maihahambing siguro siya sa isang astronomo na may iba’t ibang instrumento upang matyagan ang mahiwagang latag ng panggabing langit. Hindi niya magagawang lumikha ng mga planeta, bituin, bulalakaw, at kometa; itinatalâ lámang niya ang mga malaláman sa uniberso. Ang utos sa *Sa Lukoy* na “Hayaang tumugma ang pantig/sa pintig ng di makahihintay na saglit./Hayaang sumayaw ang wika alinsabay/sa kumpas./Hayaang sa panandaliang lugar” ay maitatabi sa atas ng mga penomenologo na “hayaan ang realidad na ipakita nito ang sarili nito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng lahat ng nabuo nang kaisipan o teorya ukol dito” (Timbreza 57–58). Kung ituturing ang tula bílang talâ, mahalaga rito ang presisyon at diksiyon. Ito ang ipinupunto ng mga pagbása sa mga tula ni Popa: na ito ay isang pag-iwas sa “malawak na elokuwensiya” (Baquiran, *Hiwatig* 87) at sa “andami-daming sinasabi, wala namang laman” (Gracio). At hindi lámang ito “pag-iwas,” kundi tahasang paglalata ng landas na hindi pa dinaraan.<sup>10</sup> Ang landas na ito ay ang pagbalik “sa mga bagay mismo” (*zu den Sachen selbst*), mula sa pilosopong si Edmund Husserl (Timbreza 57; Engelland 16–17), na kaakibat ng pahayag ni I.A. Richards ukol sa kung ano ba ang mahalaga sa tula: “Mahalaga hindi ang *sinasabi* ng tula, kundi kung ano *ito*” (Eliot 18).

## NOMINAL

Kapatid ng noumenal ang nominal—ang hangganang maaabot ng pag-unawa sa halos-di-maunawaan ay ang pagpapangalan. Napapangalanan natin ang “Diyos,” “kaluluwa,” “kamalayan,” at iba pang hindi natin lubos na maintindihan. Magkatali

<sup>8</sup> Nariyan sina Michel de Certeau hinggil sa lunan at gunita (“the places people live in are like the presences of diverse absences,” 108), Jacques Derrida hinggil sa *bakás* (trace), *antala* (deference), *senyas* (sign), at iba pang kaisipan (Derrida, “Différance”), at Gayatri Chakravorty Spivak, na nagbansag ng “always already absent present” sa konsepto ng *trace* ni Derrida (*Of Grammatology* xvii).

<sup>9</sup> Tingnan bílang halimbawa ang mga sanaysay ni Gémino H. Abad sa *Past Mountain Dreaming* (2015) na sumasalamin sa penomenolohikong lapit. Sa isang sanaysay, *Language and Imagination* (3-5), mababása ang sumusunod: “What we call ‘our reality’ or ‘our world’ is always and only our translation: what our senses and sensors transmit to our mind and imagination we then translate into our language, giving it that particular form by which we grasp and understand it *in our time and place*” (4-5).

<sup>10</sup> Mas mabigat (at nararapat) ang ginamit ni Baquiran na pandiwa (“waksi” sa halip na “iwas”) sa naunang bersiyon ng sanaysay, na kaniyang binura sa bágong bersiyon—“Iwinawaksi ang elokuwensiya dahil hindi nito lubusan at makatotohanang mabibigyang hugis ang nais maipahayag at di-maipahayag ng makata” (Baquiran, “Lirisismo” 110).



ang “pagpapangalan” at “pagkokonsepto.”  
Wika ni Padre Ferriols,

Binibigkas ko lamang ang pangalan ng mga ito, nang mabigkas ko na meron nga ang mga ito, ngunit nadarama ko, na sa pagbigay ng pangalan, ay humuhubog ako ng konsepto. Higit pa rito, ang nararanasan ko pa, ay na ang pangalan ay hindi maibibigay habang wala pang konseptong nahuhubog, at ang konsepto naman ay hindi mabuo habang hindi pa nagiging pangalan (Ferriols 23).

Nakuha rin natin sa Maylikha ang ganitong metodo ng pagpapangalan at pagbuo ng konsepto. Sa *Henesis* (Popa, *Morpo* 15–16), nagsimula ang lahat sa pagtawag ng liwanag.

At binigkas ang salita, *liwanag*.

Mula sa dilim, pumitak, sumilaw ang tinawag.

*Panandaliang pagkabalug*.

Pagkaraan, itinakda ang unang hanggan.  
Ang unang pagitan, unang salungatan.  
Ang di matutulay na walay.

Dilim ang *kawalan* ng liwanag, ang wala na humahanggan sa mayroon nang “magkaroon ng liwanag” (Genesis 1:3). Sa mga susunod na linya, makikita natin ang kapangyarihan ng wika—lalo na ng pagpapangalan—sa pag-iral ng mga bagay.

Sa dila, ang pagbibigay ng pangalan,  
ang abala ng kaliwanagan, ang paliwanag.  
Ang basbas ng laway.

Sa paligid, ang walang kapagurang laro:

habulan, agawan, araw-gabi.

Habang tikom ang mga labi ng dilim.

Mapapansin natin ang nominalisasyon sa mga nagaganap “sa dila”: “ang pagbibigay ng pangalan,” “ang abala ng kaliwanagan,” “ang paliwanag,” at “ang basbas ng laway.” Pinakamahalaga sa noun phrases na ito ay ang una, sapagkat dumaan ang pandiwang *bigay* sa nominalisasyon upang maging *pagbibigay*. Nagpapahiwatig ito ng tatag, kabuoan, at pag-iral (na katapat ng *Being*, sa pakahulugang “to do is to be”). Sa ibang salita, itinuturing ang noun phrases bílang “definite referring expression,” o mga pamamahayag na ginagamit sa pagpapangalan ng mga bagay (Santiago 7).<sup>11</sup> Kaiba naman ito sa naisantabing wala na kinakatawan ng dilim: sa halip na pangngalan, pang-uri (“tikom”) ang ginamit upang bigyang-hugis ito. Pinatitibay ng binaryang “pangngalan vs. pang-uri” ang hangganan sa pagitan ng “liwanag at dilim,” “dila at tikom na labi,” at “mayroon at wala.”

Balikan natin ang *Sa Lukoy*. Binanggit lámang ngunit hindi sinasaliksik ni Baquiran ang pagpuputol-putol ng “ka-sa-lukoy-an”. Ang parehong kawalan ng kahulugan ng *salukoy* ang mababása rin kay Grácio.<sup>12</sup> Sabagay, hindi rin naman ito ipinaliwanag sa UP Diksiyonaryong Filipino, ang posibleng tinutukoy na “aklat” ni Popa sa katagang, “Sa aklat, (*salukoy*) ang ugat/ ng salita. Ngunit, may mababakas/ na alinlangan sa bigay na kahulugan” (Popa, *Morpo* 7). Itinuro lang sa diksiyonaryo ang *salukoy* bilang ugat ng *kasalukuyan* (UPDF 431, 776). Sa *Vocabulario de la lengua tagala* nina Juan de Noceda, S.J., at Pedro de Sanlucar, S.J. (346), nangangahulugan ang *salukoy* na puwersa o diin ng panahon, o ‘di kayâ’y pagiging

<sup>11</sup> Hango ito kay Ernesto H. Cubar, sa kaniyang puna kay Ernesto A. Constantino na itinuturing ang mga parirala tulad ng “ang tumatakbo” (ang [x], kung saan di-pangngalan ang x) bilang *verb phrase* sa halip na *noun phrase*. “For Constantino, phrases with the case marker ang in Tagalog headed by non-nouns will follow the categories of their heads. Thus, the Tagalog example ang=t<um>a~takbo ‘the one who runs’ (p. 74) was interpreted by Constantino as a verb phrase. Cubar contended that these belong to ‘what linguistic philosophers call definite referring expressions—expressions which are used for naming objects’ and thus should still be treated as noun phrases (Cubar, [1975] 2019, p. 73) He also cited other studies which interpreted these phrases as ‘objectivized expressions’ (Bloomfield, 1917), ‘substantives’ (Lopez, 1940), and ‘nominalized forms’ or ‘nominalizations’ (Schachter & Otones, 1972)... Cubar maintains this analysis that ang tumatakbo ‘the one who is running’ is a derived structure by labelling it a ‘derived *nominal* marked by ang [emphasis mine]’ in the book *Writing Filipino Grammar: Traditions & Trends* co-written with Nelly I. Cubar (1994)” (Santiago 7).

<sup>12</sup> Mula sa paskil ni Grácio (Popa, “Jerry Gracio”): “Kay Popa ko nalaman na meron palang salitang ‘salukoy’. Ginamit niya ito sa isang tula sa ikalawa niyang aklat, ang ‘Morpo’ (kundi ako nagkakamali). Ang ‘salukoy’ ang ugat ng ‘kasalukuyan’. Akala ko dati walang ugat ang kasalukuyan, ‘yun na ‘yun. Meron pala. At natutuhan ko ‘yun sa tula ni Popa. Sa kanyang mga tula,, pinipilit tayo ni Popa na titigan ang mga salita bilang salita, sa pinaka-payak nitong anyo; halimbawa, ‘yung salukoy na nakalimutan na natin ang ugat dahil nasanay na tayo sa mahabang kasalukuyan.”

matrabaho ng mga gawain tulad ng pagtatanim o paggigiik.<sup>15</sup> Iba pa ito sa kinaltasang *lukoy*: tumutukoy ito sa pagluwag o pagkasira dulot ng kahinaan o katandaan, at sa hinahon at banayad sa pagtatanong, pagsasalita, o paglalakad (Noceda & Sanlucar 232).<sup>14</sup> Dagdag sa pagbása kanina, sa pagkakatanto ng etimolohiya ng *kasalukuyan*, makikita ang pagkakabit ng mga konsepto ng panahon, pagwiwika, paggawa (dahil matrabaho rin ang pagtula), at pagkasira o pagguho, na tila ba binibigkas lámang ulit ng tula sapagkat umiiral na ang mga ito sa salita noon pa man. Nagpapakita rin ng fractal na bisa ang ganitong distorsiyon ng salitang ugat: hindi pa pala salita-sa-sarili-nito ang nakasanayang *kasalukuyan*, mayroon pa itong laman sa loob. Nominalisasyon ng nominal na.

Gayumpaman, hindi na ito mailalapat sa iba pang pamagat ng tula gaya ng *Sa Lamisim*, *Sa Lamangka*, *Sa Ligway*, at *Sa Lamin*, sapagkat walang salitang “lamisim,” “lamangka,” “ligway,” at “lamin” sa Tagalog.<sup>15</sup> Matatag ang mga morpemang *salamisim* (gunita, alaala, guniguni),<sup>16</sup> *salamangka* (mahika), *saligway* (malayong tingin, panorama), at *salamín* (espeho, bubog, kristal) sa harap ng pagkakaltas ni Popa (Santos 546–547, UPDF 774). Masasabing paglalaro na lámang ito ni Popa sa gawi ng (de-)nominalisasyon, na may iba’t ibang paraan (Ceña 100–101, 204–217), bagaman ang pinili ni Popa sa mga naturang halimbawa ay ang nominalisasyon ng pangngalan. Kadalasang “pagka-” ang ginagamit na panlaping pangnominalisasyon (hal. “pagkasalamisim”) sa ganitong paraan.

Kung kayâ, dapat ding pansinin ang “sa” sa de-nominalisadong “sa [x]” (Santos 537–538, Ceña 15–16, Malicsi 103–113). Mahalaga ang “sa” sa pagtuturò at pagpopook ng bawat tula sa isang partikular na lunang nominal. Ipinapahiwatig nito na hindi ang nominal-sa-

sarili-nito ang tuon ng diskurso, kundi ang *iba pa* o *lampas* dito—iyong kung anumang naroroon sa o laman ng nominal. Dagdag pa rito, para sa lingguwistang si Resty Ceña (30), ang “sa” sa “sa [x]” ang nagbibigay-personalidad sa parirala sa halip na ang mga nominal [x]. Kung kayâ, itinuturing niyang ulo ng parirala ang “sa,” katulad ng iba pang pantakdang pantukoy na “ang” at “ng”. (Tanong: Ano kayâ ang dahilan ng pagpapalit ng pamagat na *Liwanag ng Ospital* mula sa *Sa Ospital* na nakalagay sa blurb ni Raymond de Borja sa *Narkotiko at Panganorin?*)

Gaya ng saknong sa *Henesis*, mulíng makikita sa *Sa Magkabilang Dulo* (Popa, *Walang Pagsidlan* 55) ang prominensiya ng pantakdang pantukoy na “ang”. Nariyan ang “ang natatanaw,” “ang mga mata mo,” “ang mga mata ko,” “ang ating mga labi,” at “ang pangakong walang hanggan.”<sup>17</sup>

#### *Sa Magkabilang Dulo*

Mula sa bingit ng napipintong  
katapusan, bakasing muli  
ang mga hakbang pabalik kung saan tayo  
nagsimula, ano ang natatanaw mo?

Ang mga mata mo lang, sapat nang  
sinasalamín ang mga mata ko  
bago magtagpo ang ating mga labi  
at sa ating pagitan, lumalagos

ang pangakong walang hanggan.

Makapangyarihan ang hulíng linya dalá ng bisa ng pagtagpas sa taludtod: parehong nagiging agent-simuno at nagsasariling linya-saknong ang “ang pangakong walang hanggan.” Muli, may dulot na personalidad ang “ang” na nagpapatibay ng imahen ng independensiya sa hiniwalayang saknong (kung kayâ, pareho na itong taludtod at saknong sa isang bagsak),

<sup>15</sup> Noceda & Sanlucar (346): *Salocoy*. pp. Fuerza ó rigor de tiempo, ó de alguna obra, como sembrar, trillar, &c. No tiene mas juegos que el abstracto *Casalocoyan*, y se juega asi: *Nagcacasalocoyan*, estar en la fuerza. *Casalocoyan nang pagtatanim*, *Casalocoyan nang paguiyic*. Vide *Sagsag* su sinonimo.

<sup>14</sup> Noceda & Sanlucar (232): “*Locoy*. pc. Flojedad ó descaecimiento por flaqueza ó vejez. *Naglolocoylocoyan*, andar asi. *Locoy*. pc. Sosiego y blandura en el pedir, como hablar, andar, *Um*, 1. *Mag*. La causa, *Ipag*.”

<sup>15</sup> Maliban na lámang kung ituturing na “ligway” ang “ligwayligway” (paghinto-hinto o pagtigil-tigil habang naglalakbay), at kung may ugnayang sabtekstuwal sa “lamin” ng “salamín” at “lamina” sa Español (UPDF 487, 507).

<sup>16</sup> Matatandaan din ang isang tula ng pag-ibig ni Amado V. Hernandez, *Salamisim* (104), sa ganitong paggamit ng salita bílang pamagat.

<sup>17</sup> Ang pagkasangkapan sa nominalisasyon sa pamamagitan ng “ang [x]” ay maitatapat natin, hindi lámang sa mga tulang Pilipino (tulad ng *Ako ang Daigdig* ni Alejandro G. Abadilla), kundi maging sa gamit ng “the [x]” ng mga makata sa Ingles. Isang halimbawa ang *Shirt* ni Robert Pinsky (na sinasabing isa sa mga paborito ni Popa, ayon sa isang pag-uusap). Narito ang panapos na mga linya ng tula: “The buttonholes, the sizing, the facing, the characters/ Printed in black on neckband and tail. The shape,/ The label, the labor, the color, the shade. The shirt.” (Pinsky 84–85).

pero kinikilala pa rin ang kaugnayan sa pinagputulan dúlot ng pagiging agent ng pandiwang “lumalagos” at simuno ng buong pangungusap.

Tingnan pa natin ang unang linya sa *Bakit Hindi* (Popa, *Basta* 18), na may interesanteng pang-ukol.

Paisa-isa, paunti-unti, pinalalaya ang  
ating katawan ng krisis.

Sa payak na linya, maaaring magkaroon ng tatlong punto na nakatutok sa hulíng bahagi. Una, maituturing na isang buong bagay ang “katawan ng krisis” na pinapalaya. Pangalawa, nagsisilbing experiencer o patient ang “ating katawan” na finofokusan ng pandiwang “pinalalaya” na ginaganapan ng agent na “krisis”. Pareho ito sa “Pinalalaya ng krisis ang ating katawan”. Pero, hindi ba’t kakaiba ito? Maitatanong natin kung kailan pa at paano nagiging mapagpalaya ang mga krisis. At dadalhin táyo nito sa ikatlong punto: hindi kayá “Pinalalaya ang ating katawan *sa* krisis”? Mas realistiko ito, sapagkat tinatanaw ang krisis bílang pumipiit sa halip na nagpapalaya, at tama lámang na malaya ang katawang wala sa krisis. Ngunit pinili ni Popa ang naturang linya. Partikular sa mahahaba’t walang patid na mga linya ng *Basta* ang pakiramdam ng pagtitiyaga at pagpupursige. Binanggit ni Mabi David sa kaniyang blurb ang *matagal nang* “pagkakaeksilyo ng tao mula sa kaniyang pagkatao” at “pagsailalim sa kawalang-dangal” na nagtulak sa tao pabalik sa mga pagnanasang labag sa loob ng iba man o sarili. Ambivalente ang “compulsion” (David): matagal nang nakaimbak sa kawalang-malay na bigla na lámang pupuslit upang igiit ang sarili. Makikita sa mga tula ang pagmamasid sa mga subjek na nagtitiis, tumataya, at nananatili sa harap ng “lagim” at “panganib” (David), kung saan hindi lámang makikita ang paggigiit ng pagiging-tao sa mga pagpuslit ng nasa (na siyang “nagpaparumi sa bawat akto ng redempsiyon”) ng persona, kundi maging sa pagwiwika ni Popa ng mga naturang pagpuslit. Ang pagtula ay pagpuslit kasabay ng pagtitiis. Masasalamín ito sa simpleng pagpili ni Popa ng pang-ukol: *ng*, at hindi kailanman *sa*. Krisis

ang nagpapalaya. Naroroon din ito sa pang-abay na pantukoy ng bagal at tiis: “paisa-isa,” “paunti-unti”. At sa tagpuang ito ng bilis, tagal, pagbubulay, pagpapakasakit, pagtakas, “pagpapalaya” at “kawalang-magawa” (“*Kuha*” sa Popa, *Basta* 31) makikita ang “nakasisindak” (David: “a vision that terrifies”).

Ang analisis sa antas ng sintaks ay isang mabungang paraan sa pagbabasa ng tula. Sapagkat kadalasang nakatutok ang mga kritiko at mambabasa sa indibidwal na salita na ipinapalagay na sisidlan ng kahulugan, metapora, imahen, at iba pang elemento, bibihira lámang ang nagsasagawa ng sintaktikong panunuri. Nakakulong lámang ang mga interpretasyon sa mga ponema (tunog at tugma) at morpema (yunit ng makahulugang “salita”). Kung meron mang pagkilates sa sintaks, makikita lámang natin ito sa mga alituntunin sa sukat ng palapantigan at pagpuputol ng taludtod. Sabihin man na ni Baquiran (“Lirisismo” 110) na, “Isang lingguwistikong pagtatanghal ang teksto at sa pagpili sa syntax at pagdahas ng makata sa gramatika, ipinapakita ang naiiba o bagong persepsiyon,” hindi naman niya binasa ang *Sa Lukoy* gamit ang sintaktikong lapit.<sup>18</sup> Sa katunayan, nasa antas pa lámang ng morpema (sa paghahati-hati ng “ka-sa-lukoy-an”) ang interbensiyon ni Popa. Hindi niya pinilipit ang sintaks, ni dinahas ang gramatika, sa paraang bumuo ang makata ng iba o bágong kayarian ng mga pangungusap o parirala.

Tingnan natin bílang halimbawa ang modernistang tulang *Ako ang Daigdig* ni Alejandro G. Abadilla. Tulad ni Baquiran na gumamit ng biyograpikong lapit kina Popa, hindi gaanong nagtuon si Virgilio S. Almario (*Balagtasismo versus Modernismo* 168–170) sa formalistikong pagbása ng tula. Tiningnan niya ang mga indibidwal na salita na “kumakatawan” sa mga panlabas na kabuoan, tulad ng “ako” bílang makata at “daigdig” bílang lipunan.<sup>19</sup> Nasa ganitong hugis din ang paliwanag sa teksbuk nina J. Villa Panganiban, C.T. Panganiban, at G.E. Matute (157–161): “[A]ng ako rito ay hindi si AGA. Ang *ako* ay kumakatawan sa Makata. Sa isang tunay na makata, ang daigdig, ang tula at siya ay iisa.” Mula rito, inugnay ni Almario ang búhay ni

<sup>18</sup> Kinaltas ang pahayag na ito sa rebisadong bersiyon ng sanaysay sa *Huwatig*.

<sup>19</sup> Almario (*Balagtasismo versus Modernismo* 169–170): “Nakapaloob sa tula ni Abadilla ang tunggalian at pagkakaisa ng ‘makata’ at ‘lipunan’ na kinakatawan ng ‘ako’ at ng ‘daigdig.’ Napasidhi pa niya ang ganitong tunggalian sa pamamagitan ng pagsasalungatan ng mga sangkap na panandalian at pangmatagalan, makitid at masaklaw, o kayá’y mahinà at matatag. Ang ‘ako’ at ‘sarili’ ay pauli-ulit na tinutumbasan ng ‘daigdig,’ ‘buhay,’ ‘walang-kamatayan,’ ‘walang-hanggan’[...] Ang birtud ng tula ni A.G. Abadilla ay nakasalalay sa matapat subalit matalas na paglalalahad sa tunggalian ng ‘kaakuan’ ng makata at ng hindi makaunawang lipunan.”

Abadilla sa kaniyang panulaan. Sa paglampas sa sana'y mabungang pagbása sa antas ng sintaks, iminumungkahi ang pagpapalagay na ordinaryo't araw-araw na pagwiwika lámang ang “ako ang [x]” (sabi nga ni Almario, “pamamarilalang payak at dahop sa mabulaklak na pananaludtod ng ordinaryong Balagtasista”), at kung gayo'y hindi na kinakailangan ng pagbusisi upang makita ang katingkaran ng pahayag. Ganito rin ang mahihinuha sa bása ni Bienvenido Lumbera: “In the context of the history of Tagalog poetry, Abadilla has something new to say. To utter it is to invent a new way of saying it” (sinipi sa Almario, *Balagtismo versus Modernismo* 170). “Bago” ito sapagkat malayo sa araw-araw na pagwiwika ang mga pagwiwika sa tradisyonal na tula. Pahiwatig pareho nina Almario at Lumbera ang pagkakanariyan na (*givenness*) ng mga araw-araw na pagwiwika kung kayâ hindi na kinakailangang hanapan ng paliwanag sa mismong sintaks nito. Kaya, ang paliwanag ay natagpuan nila sa labas ng tula, sa kaligiran ng panulaang Pilipino sa makasaysayang tagpo ng pag-entrada nito sa Modernismo.

Ngunit maraming puwedeng pag-usapan sa “payak” na linyang “Ako/ ang Daigdig”. Para sa lingguwistang si Jonathan C. Malicsi (4-7), nagsisilbing simuno rito ang “ang [x]” samantalang panaguring panghalip na panao naman ang “ako”. Pareho ito sa “Ako ‘yun,” kung saan parehong panghalip ang ginamit. Pantukoy ng identipikasyon ng nominal ang “ang” sa “Ako ang daigdig”. Kung gagawing “Daigdig ako,” simuno na ang “ako”. Nagpapatuloy ang estruktura sa “Ako ang [x]” sa baryasyong “Ang tao ang daigdig,” kung saan ang parehong “ang” ay muling nagsasaad ng identipikasyon ng nominal. Hindi man lihis sa gramatika, maituturing namang semantic aberration kung babaliktarin ang simuno at panaguri: “Ang daigdig ang tao.” Maaari itong maresolba kung papalitan ito ng mga panghalip: “Daigdig ako,” “Ito ang tao,” “Ito ako”. Dulot ng ganitong “substityuson-test” (Paz, Hernandez & Peneyra 83), pinatutunayan ang pagiging “sintaktik-yunit” o “konstityuwent”

ng parehong nominal-panghalip “ako” at “daigdig”.

Mula sa ganitong pagbubulay sa sintaks, maaari na nating ituloy ang pagbása sa mga panlabas na pagpapakahulugan. Para sa lingguwistang si Ricardo Ma. Nolasco, espesyal na kaso ang “Ako ang Daigdig.”<sup>20</sup> Nakaangkla ang “Ako ang Daigdig” sa “presuposisyon” (tingnan ang Paz, Hernandez & Peneyra 140) na hindi makikita sa “Daigdig ako.” Kakaiba ang “Daigdig ako” dahil sa pagkadirekta at pagkaliteral ng pagwiwika. Taglay ng presuposisyong ito ang pagsasametapora ng daigdig, sa halip na literal na planetang tahanan ng mga tao. Dito pa lámang maikakabit ang tinutukoy na “daigdig” bilang “lipunan”. Mas nadidiin ang pagiging tula ng tula sapagkat nakatuntong sa talinhaga ang deklarasyon ng identipikasyon. Gayundin ang makikita sa isusunod pa ni Abadilla na mga “ang [x]”: Ako “ang tula,” “ang daigdig/ ng tula,” “ang tula/ ng daigdig”.

Matagal nang binabanggit ni Jose Mario C. Francisco, S.J., sa kaniyang sanaysay na “Wika: Lagusan ng Makata” (1971) ang ganitong pagtitig sa sintaks ng panulaan. (Marahil, siya ang kauna-unahan sa ganitong lapit.) Aniya,

[A]ng Lingguwistika ay mayroong maitutulong sa larangan ng panunuring pampanitikan. Bagamat hindi ito ang nangyari sa kasaysayan—at ito ay kahinahinayang—ang panitikan at ang agham ay dapat magkaagapay sa pagtuklas ng kagandahan ng Sining. Ngayon pa lamang ito nagaganap. Ang ganitong pagkakaugnay ay higit na kailangan sa larangan ng panulaan sapagkat sa tula ang paggamit sa wika ay higit na buo at matindi (Francisco 28).<sup>21</sup>

Balikan natin si Popa. Malapit-lapit na sana ang pagbása ni Raymond de Borja sa *Narkotiko at Panganorin* (panatilihin natin sa Ingles ang maganda niyang blurb): “It is Popa’s attention to the units (of syllable, of word, of line), to a ‘we,’ however harrowingly and unseemingly this ‘we’ becomes collective, that gives his poems perceptive and ethical weight, that allows his

<sup>20</sup> Mula sa personal na komunikasyon noong 26 Nobyembre 2021.

<sup>21</sup> Sunod na tinalakay ni Padre Francisco ang iláng pagkakaiba sa “kaayusan ng pangungusap” sa Tagalog at Ingles. Idiniirin niyang higit na malawak ang balangkas sa Tagalog kaysa sa Ingles. Hango sa lingguwistang si Teodoro A. Llamzon, sinabi niyang “kapuwa tama” ang “Nagpatay ng manok ang tao sa kusina para sa bata” at “Ang tao ay nagpatay ng manok sa kusina para sa bata”. Sa ganitong lapit, binása niya ang salin ni Amado V. Hernandez ng *The Love Song of J. Alfred Prufrock* ni T.S. Eliot, *Agunyas-Lunsod sa Abril* at *Ang Sigarilyo ni Lolo* ni Rio Alma, *Sa Gubat ng Lungsod: Dilim at Liwanag* ni Lamberto E. Antonio, at *Kung Mamili ang Dalaga* ni Julian Cruz Balmaseda.

utterances to teeter on the edge of, but not succumb to, wit. Appealing prospects then, for the reader/translator who finds echoed in ‘magdamag’ (night/overnight) the root of ‘dama’ (feel/feeling) from ‘madarama’ (will feel/will be felt); who remembers the passions (‘sakít,’ which also translates to ‘pain’ or ‘disease’) in empathy and compassion (‘malasakit’).” Ngunit nagtuon pa rin siya sa mga indibidwal na salita sa halip na kayarian ng parirala o pangungusap. Narito ang pinagtuonan niyang panapos na saknong sa *Liwanag ng Ospital* (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 58–59).

- 1 Madarama sa magdamag
- 2 kung gaano kalayo
- 3 ang isang sandali
- 4 sa susunod na sandali.
- 5 Kung gaano tayo kalapit
- 6 upang mahawa
- 7 ng sakit at malasakit.

Sa linya 1, bakít kayâ kinaltas ang komplementong tumatanggap ng pokus ng pandiwa? Bakít hindi “Madarama [natin/mo] sa magdamag”? Iba ba ang “madarama” sa “dadamhin,” na ginamít sa ikaapat na saknong (“kung paano dadamhin/ ang diin ng kanyang paghinga/ sa mga dingding”)? Bakít lilitaw sa linya 5 ang komplementong nawawala sa linya 1, ang “tayo”? Nais lang ba ng makata na itugma ito sa “kalayo” (linya 2)? Bakít “mahawa” kaysa “mahawaan” o “magkahawaan” (linya 6)? Sinasabi ba nitong mayroon pang iba o *sila* na lampas sa “tayo” o atin?

Sa tulang *Ang Walang Hanggan* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 60), kung saan mababasa ang “Dumaan din ako diyan”: pareho ba ito sa “Diyan din ako dumaan,” “Ako ay diyan din dumaan,” o “Ako ay dumaan din diyan”? Ano ang nagtutulak sa makata para piliin ang partikular na hilera ng mga salita? Bakít iyan sa lahat ng mga salansan? (*Bakít kami*, tanong siguro ng linya, *sa lahat ng masama?*)

Makikita sa “Dumaan din ako diyan” ang uri ng pokus ng pandiwa na tinatawag na “experiencer,” ang nakaranas ng kilos (Malicsi 49). Kaiba sa paglalakad, ang pandiwang “dumaan” sa tula ay tumutukoy rin sa pagdanas. Kung gayon, mas experiencer (o maaari ring “patient”) kaysa agent ang komplementong “ako” na pinopokusang ng “dumaan”. Ayon kay Malicsi (49), “mahina o walang kusa o kontrol ang experiencer sa tinutukoy ng pandiwa.” Lapat ito sa tula sapagkat tinutukoy rito ang lumbay,

dalamhati, pakiramdam ng kawalan (void), at ideation ng pagpapatiwakal. “Nakadiin ang mukha sa dingding./ Tiningnan ang pulsuhan./ May mga hiwa./ Nang salatin ng daliri, nawala./ Tinitigan ang kisame./ Tumulo ang mga lubid.” Idagdag pa rito ang “nalampasan” (“Ang walang hanggang hangganan/ na hindi ko alam kung paano/ nalampasan ngunit gumising/ ako kinabukasan”), na nagpapahayag nang kawalan ng kontrol sa sitwasyon.

Gayumpaman, maaaring hindi lang “ako” ang komplemento ng pandiwang nakatatanggap ng pokus ng pandiwa. Ipinapahiwatig ng varyant na “Diyan din ako dumaan” hindi lámang ang pagiging sintaktikong-yunit ng “diyan” dahil maaari itong ilipat sa ibang posisyon sa pangungusap (“movement test” sa Paz, Hernandez & Peneyra 83–84), kundi maging ang posibilidad ng pokus sa “diyan”. Bilang lokatibo, ang “diyan” ay isang panghalip na pamatlig na nagtuturo ng lugar. Ngunit sa tula, ang “diyan” ay puwedeng tumukoy sa isang estado o karanasan. Kung gayon, hindi ito “fokus sa lokasyon” kundi “fokus sa experiencer,” sapagkat ang “diyan” ay ang nakaranas ng “pagdaan” ng agent na “ako”. Ang simunong “ako” ay hindi na experiencer kundi agent ng pandiwa. Kung kayâ, maaaring tingnan ang “Dumaan din ako diyan” b’lang “Dumaan din ang persona sa karanasang iyan.” Maaari pang magsagawa ng mga varyant tulad ng makikita sa babâ kung saan nag-iiba-iba ang uri ng pokus sa mga komplementong “ako” at “diyan.” Pinapakita ng pagpili ni Popa sa naturang linya ang pagtukoy sa partikular na mga sintaktikong relasyon ng pandiwa at komplemento, at ang pagkansela sa ibang moda ng relasyon sa pamamagitan ng di-pagpili sa ibang baryasyon. Gaya ng nasabi na, tinatakdaan ng hangganan at pinatitibay ng pagpili at di-pagpili ng makata ang kahulugan ng kaniyang taludtod.

- 1 Dumaan din ako diyan.
- 2 Dumaan din [ang persona] diyan. [ako: maaaring mas experiencer kaysa agent]
- 3 Dumaan din [ang persona] [sa karanasang iyan]. [ako: agent; diyan: experiencer]
- 4 Dinaan ko rin iyan. [ko: agent, iyan: experiencer]
- 5 Dinaan din ako niyan. [ako: experiencer; niyan: agent]

Tingnan naman natin ang “Ako pa rin ako/ at ang lahat ng daan/ ay daan pauwi” sa *Ang Lahat ng Daan ay Daan Pauwi* (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 41–42). Maaari naman itong wikain bílang “Daan pauwi ang lahat ng daan,” na siguro’y mas pipiliin ng mga konserbatibo na ayaw sa “di-karaniwang” ayos ng pangungusap. Ngunit wala itong agarang “suntok” na makikita sa “ay” bílang hangganan. Sa pagdiriin ng ganitong pagkamit sa “epektong pandiskurso at pangkomunikatibo,” ipinaliwanag ni Nolasco ang gamit at bisa ng “ay”.

Madalas na ilarawan ang pangungusap sa Tagalog na may katagang “ay” na nasa di-karaniwang ayos na para bang abnormal ito. Hindi ito tama. May mga dahilan kung bakit gumagamit ang sipiker ng Tagalog ng “ay” na konstruksiyon, at ito ay may kinalaman sa tinatawag na “daloy ng diskurso” (discourse continuity), alinsunod sa depinasyon ni Fox (1985). Ayon kay Fox, ang paggamit ng “ay” ay palatandaan na ang paksa o eksena ng diskurso ay napuputol at lumilipat sa iba. Gayundin, ang pag-iwas sa “ay” ay nagsasaad ng tuluy-tuloy na diskurso, eksena at paksa ng usapan (Nolasco, “Kung Bakit ang ‘Ay’ na Pangungusap ay Karaniwan ang Ayos”).

Doble-putol ang ginawa ni Popa: maliban sa putol ng taludtod bago ang “ay,” taglay rin ng “ay” ang putol ng daloy. Nagdudulot ito ng mas maigting na diin sa hulng linyang “ay daan pabalik” na mabisang tumatapos sa tula. Ang hulng linyang ito, bílang pagsasalihat, ang nagtatakda ng kahulugan ng “lahat ng daan”—lahat ay pauwi.

Idagdag pa rito ang isang sagnong mula sa *Wikain Mo*: “Ang martilyo ay martilyo/hangga’t hindi nahahawakan/ ang sarili sa sariling init” (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 1). Bakit hindi “Martilyo ang martilyo”? Una, nagsasaad ng parikala ang linyang may “ay” sapagkat pinuputol ang subjek upang bumalik lang din sa parehong subjek. Ikalawa, kung napagtanto na ng mambabasa kung gaano kainteressado si Popa sa mga bagay/salita-sa-sarili-nito, mauunawaan niyang hindi ito

isang pinatingkad na parikala kundi payak na afirmasyon lang din ng mga pinatutungkulang bagay o salita, na makikita rin sa “Martilyo ang martilyo”. Hindi na kailangang gumasta ni Popa ng dagdag na salita para sa martilyo (hal. “Ang martilyo ay isang [x-na-hindi-martilyo]”) dahil martilyo na nga ito at wala nang iba pa. Parehas ang sirkumbenteng bisa ng naturang “ay-pangungusap” sa mga hulng linya ng *May Liwanag na Hindi Napaparam* (Popa, *Walang Pagsidlan* 63).<sup>22</sup>

Kung paano binabago  
ng liwanag na ito  
ang iyong pagtingin sa mundo  
nang hindi namamalayan  
ay liwanag ng buwan.

Tila magkabilang mukha ng iisang barya ang *Narkotiko at Panganorin* at ang *Basta*. Litaw na litaw sa sintaktikong pagbasa ang magkaibang matulaing pagwiwika sa dalawang koleksiyong ito. Kung sa *Narkotiko at Panganorin* ay gumagamit si Popa ng iba’t ibang estratehiya ng pagbabanat at pagpapabagal ng andar tulad ng mga “ay-pangungusap” at pagpuputol ng mga linya sa maiikling taludtod, nagmamadali naman ang mga mala-pangsanaysay na linya sa *Basta*. Kaiba sa “comma poems” ni José Garcia Villa (tingnan ang “A Note on the Commas” sa 81–82), kumakaripas ang mga tula sa koleksiyong *Basta*. Sa ilang linya, hindi na lang asyndeton ang makikita kundi tahasang pagtatanggal ng mga bantas.

*Aso* (Popa, *Basta* 10)  
Hindi punyal hindi krusipihon ang hawak mo  
nanggigigil na kinaskas sa ilalim ng kaldero  
kahit [...]

*Magkabilang Panig ng Iisang Punyal*  
(Popa, *Basta* 17)  
Walang pangako walang pangalan walang  
nakaraan  
sinasariwa gabi-gabi ng pula na lumiligid sa  
bibig ng puta [...]

*Sa Talaan ng Hindi Tunay na Pangalan*  
(Popa, *Basta* 20–30)  
Huwag kukurap huwag babaling

<sup>22</sup> Sa parehong dahilan din maaaring basahin ang panapos na linya sa unang sagnong ng *Isang Dipang Langit* ni Amado V. Hernandez (116–117): “Ako’y ipiniit ng linsil na puno/ hangad palibhasang diwa ko’y pilitin./ katawang marupok, aniya’y pagsuko/ damdami’y supil na’t mithiin ay supil.” Una, ang pagdoble ng “ay” ay kailangan sa anyong Balagtasista para matugunan ang kinakailangang labindalawang pantig ng linya at anim na pantig bago at matapos ang hati o caesura (6 – “damdami’y supil na’t”; 6 pantig – “mithiin ay supil”). Pangalawa, pinabibigat ng pag-uulit ng “supil” ang kahulugan nito sa konteksto ng pagkakapiit ng isang punong obrero; hindi lámang damdamin kundi ang mithiin ang sinusupil ng “supil”. At lalong pinabibigat ang dobleng “supil” ng “ay” na gumaganap bílang marker ng talon o putol ng diskurso.

kung may makasalubong huwag iiwas

huwag yuyuko sa mahabang pasilyo  
ng mga pintong magkakatulad

ngunit hindi nagkakatatap. [...]

*Illuminado* (Popa, *Basta* 34)

Huwag kukurap huwag babaling palayo huwag  
iiwas ipako  
ang tingin upang makita dahil hindi sapat na  
madami itong

nagtutulak sa iyo upang kumurap bumaling  
palayo umiwas.

Gaano kalalim na paghiwa sa balat laman buto  
ang kaya mong  
titigan gaano katagal na babalong tatagas  
titilamsik ang dugo

mula sa kanilang likod bago mo makilalang  
hindi iyo ang sugat.

Huwag tatahan huwag mahahalina sa kumpas  
ng paghampas;  
mas malalim kaysa kayang maghilom ang  
salang inako mo

sa iyong katawan, ang pagnanasang makaahon  
mula sa katawan.

Kung babalikan ang *Sa Lukoy*, maaaring sabihing sinasalamin ng *Basta* ang masikap at matiyagang pagtatangka ng paghúli sa panahon, wikang pasalita, o kaisipan, sapagkat tinatapatan sa paraang pasulát ang naturang bilis. Gayumpaman, sa magkaibang lapit na isinagawa ni Popa, lumilitaw pa rin ang pagmumuni na karakteristiko ng kaniyang panulaan. Sa bilis man o bagal, walang pagkakataon na hindi laan sa pagbubulay-bulay. Kung kayâ mang baliin ng bilis ang lugar at panahon, hindi nito káyang baliin ang kapasidad ng tao na mag-isip at magmuni. Sa panulaan ni Popa, patunay na mismo ang salita, ang salita sa sarili nito, ng pag-igpaw ng tao sa bilis na madalas, hindi niya kontrolado.

Tumatayâ ako sa hinuhang repleksiyon ng noumenal ang mga nominal ni Popa. Ang

<sup>23</sup> Mayroon ding “hilang-grabedad” ang mga pangngalan na mahalaga sa mga pagsipat sa penomena ng interkolokasyon, tulad ng makikita sa mga panunuri ni Ramon Guillermo na gumagamit ng computer-aided methods (Guillermo 110–114).

<sup>24</sup> Halimbawa, binigyang-pansin ni Noreen H. Sapalo sa kaniyang pag-aaral ang mga di-pangngalan para palitawin ang “diskurso ng karapatang pantao” ayon sa mga kamag-anak ng biktima ng Tokhang at mga Filipino netizen. Sinuri niya rito ang mga katagang “sana” at “dapat,” na mga pang-abay na panagano o “mga salitang nagdaragdag ng pananaw o sinasalooob ng nagsasalita sa ipinapahayag ng sumusunod na sugnay” (Ceña 119). Ipinapahayag ng “sana” ang kahilingan o pag-aasam, samantalang obligasyon o inaasahan naman ang nasa “dapat” (Ceña 119; Malicsi 86–87).

pagtutuon sa pangngalan ay isang poetikong argumento para sa tula-sa-sarili-nito, sapagkat nakasanayan nang mga nominal ang pinapansin at inaakomodeyt sa angkop na pagsasalansan ng mga salita. Pakikilandas ang paggamit ni Popa sa mga nominal sa nakasanayang pagpapangngalan ng mga pagpapangalan. Kung ang pagpapangalan ay paggagap o paghawak sa kahulugang kadalasa’y madulas at nagpupumiglas, ang pagpapangngalan naman ang pagsosolido ng paghawak. Para sa mga iskolar ng panitikan, may kakayahan ang mga nominal na maging sisidlan ng mga konsepto at kaisipan.<sup>25</sup> Gayumpaman, maaari nang igpawan ang ganitong mata sa pangngalan, pareho ng mga iskolar ng agham panlipunan at mga kritiko ng sining at panitikan.<sup>24</sup> Ang pagbabasáng ito sa antas ng sintaks ay panimula lámang upang lalo pang maunawaan ang lampas dito: sa kabuoan ng tula, sa kabuoan ng kalipunan, sa kabuoan ng panulaan ng isang makata at ng kaniyang panahon at lipunan, sa kabuoan ng kamalayan at pang-unawa ng tao.

## KONGKLUSYON

**K**abalintunaan ang pagpapamagat ng sanaysay na ito, sapagkat hindi naman nito lubos at tahasang tinalakay ang noumenal at nominal. Una, sapagkat lampas sa ating pang-unawa ang noumenal at magkakasya na lámang táyo sa isang penomenolohikal na pamamaraan ng tangkang paggagap sa noumena. Ikalawa, ang kay Popa na yata ang pinakadenominalisadong tipo ng pagtula; kumbaga, ang pinakainteresanteng pag-aralan sa mga ito ay ang mga di-pangngalan at ang salansan ng mga salita. Umaasa táyo (at sa ganitong pagwiwika, nariyan ang “hayaan ang mga bagay sa kanilang sarili”) na sa tangential na posisyong ito ay magpapakita ang buod sa kaibuturan ng nais nating arukin.

Nais kong magtapos sa proyekto ng isang Pilipinong lingguwista. Ito ay ang pagtatangka ni Ernesto A. Constantino na alamin ang “deep structures” at “universal grammar” sa mga

wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng kaniyang mga pananaliksik noong 1965 at 1970. Umuugat ang ganitong mga konsepto at lapit sa mga pag-aaral sa *transformational-generative grammar* ng Amerikanong lingguwista na si Noam Chomsky. Sa panunuring pampanitikan, kahanay nito ang pagbása ni Padre Francisco (na sumasalok naman mula sa linguistang si Teodoro Llamzon) na tumitingin sa magkakaibang artikulasyon sang-ayon sa sintaks (maipapalagay na *surface structure*) ngunit pareho ang pinanggagalingan o tinututungang pakahulugan (maipapalagay na *deep structure*).<sup>25</sup> Gayumpaman, may ginawang pagsasanib si Constantino ng luma at bágong tradisyon, sapagkat kinasangkapan pa rin niya ang pamamaraan ng American Descriptivist School (Santiago). Kalaunan, hindi na gaanong pinagtuonan ng pansin ni Constantino ang naturang framework. Nariyan din ang “Constantino-Cubar Dissensus” nang maglatag ng kritisismo ang kaniyang colleague na si Ernesto H. Cubar. Magkaiba ang kaniláng kinalulugarang pag-iisip—ayon kay Vincent Christopher Santiago (8), matatawag si Constantino na “fieldworker and data guy” at si Cubar na “library and history of linguistics guy.”

“Inabandona” man (o “naabandona”) ang proyektong pangwikang ito, mahaharaya natin na sa isang punto ng kasaysayan, naniwala ang mga mananaliksik katulad ni Constantino sa salalayan ng mga bagay at salita na magbibigay-paliwanag at dahilan sa mga ito. Masasabing magkakawing ang “deep structures” at “universal grammar” sa “human nature,” “innate organizing mechanisms,”

at “intrinsic mental schematism” (Chomsky & Foucault 7). At ang tangkang pagtuklas sa mga naturang bagay-sa-sarili-nito ay tila baga pagtuklas din sa disenyo, kundi man isip, ng Diyos.<sup>26</sup> Ang pagsapit kay Constantino ng “noumenal” (hindi noumenon) na “sanhi ng mga sensasyon” (Russell 707)—at kung gayon, ng wika at pagwiwika na rin—ay dulot ng kaniyang “pagbalik sa mga bagay mismo” bílang isang “fieldworker at data guy.” (At sana ay maaari kong masabi ang ganitong pagsasabi sa puntong ito ng kawalang-kaalaman, kundi man paghanggan sa di-alam at di-malaláman.)

Ang pagtatalakay at pagsalakay ng mga postfoundationalist sa ganitong lapit at paksain ng pag-iisip, gayundin ang “pagkabigo” ng mga estrukturalista sa pag-alam ng “lagay ng mga bagay” (*order of things*) ay parehong nagpapabalik sa atin sa pagmumuni ni Kant hinggil sa noumenon. Sa isang bandá, nililinan nito ang hangganan ng ating pag-iisip hinggil sa kalikasan ng kaalaman, wika, at agham. Sabi ni Abulad (64), “Ano ang kahahantungan kung tatanggapin natin ang kakulangan ng ating kakayahang maunawaan ang numenon o ang bagay-sa-kanyang-sarili? Una, magiging malinaw sa atin ang mga hanggahan ng ating isip, kasáma na ang mga hanggahan ng iba’t ibang agham.”

Gayumpaman, may siwang na iniwan si Kant para makalapit táyo sa noumenal, na para bang isa itong malayong planeta mahirap (ngunit di-imposibleng) marating,<sup>27</sup> sa halip na bubunuing mga sungay ng halimaw (Abulad 64). Kailangan natin ng ibang paraan ng pag-iisip upang maisip ang di-maunawaan. Hindi man *objectively sufficient* ang pag-iisip hinggil sa

<sup>25</sup> Ipagpaumanhin ang appropriation at reduction sa deep at surface structures bílang kahulugan at anyo ng artikulasyon (pasalita man o pasulat). Iba ang konsepto ng deep at surface structures na espesipiko para kay Chomsky at sa disiplina ng linguistics. Sa sipi ni Constantino (“Deep Structures” 65), “The syntactic component, according to him [Chomsky], ‘must specify for each sentence, a *deep structure* that determines its semantic interpretation and a *surface structure* that determines its phonetic interpretation.’”

<sup>26</sup> Para kay Isaac Newton, ang pag-aaral sa “likas na pilosopiya” (*natural philosophy*, na kasingkahulugan ng siyensiya o agham) ay pagtuklas sa disenyo ng Diyos. “Although the Enlightenment is synonymous with the rise of secularism and reason, Newton (1642–1727) did not approach science to replace religion. He was a religious man who believed that he was uncovering God’s design, a design that was mechanistic in a clockwork universe” (Holmes 57). Gagamitin din ng mga siyentista—lalo na ang mga physicist na pinagdedebatehan ang mga usaping kosmolohikal—ang “Diyos,” hindi bílang isang aktuwal na manlilikha at layon ng pagsamba, kundi bílang isang noumenon na dahilan ng lahat ng mga umiiral. Ito, kung gayon, ang magsisilbing siyentipikong paliwanag para sa kalikasan at lagay ng mga bagay. Matatandaan dito ang pagsasabi ni Albert Einstein na “Hindi ako kumbinsidong naghahagis ng dice ang Diyos,” bílang puna sa teorya ng quantum mechanics (partikular sa Copenhagen interpretation), na sinagot naman ni Niels Bohr, “Einstein, huwag mong utusan ang Diyos kung anong gagawin.” Nariyan din ang paggamit nina Paul C.W. Davies (“The Mind of God”) at Michio Kaku (“The God Equation”).

<sup>27</sup> Natutukso akong ikabit dito ang pagtingin mismo ni Kant sa sarili niya kaugnay ng pagsulong ng agham, lalo na sa astronomiya, sa kaniyang panahon: “In the preface to the second edition [of the *Critique of Pure Reason*] he compares himself to Copernicus, and says that he has effected a Copernican revolution in philosophy” (Russell 707).



noumenal, ito naman ay maaaring *subjectively sufficient*.<sup>28</sup> Konsistent pa rin ito sa pahayag ni Abulad (64): “Pangalawa, magbibigay ito ng panibagong sigla sa lahat ng mga larangan, sapagkat mula ngayo’y walang larangan na mawawalan ng kabuluhan sa dahilang ang lahat ng ito ay pawang phenomenal lámang. Ang katwiran ng tao ay nagiging malaya. Hindi na dapat katakutan ang pagsasaliksik hanggang sa kahuli-hulihang kongklusyon, ano man ang kahahantungan nito.”

At ano pa nga bang larang ang nagpapakadalubhasa sa ganitong trabaho ng pagtutulay ng *kaalaman* at *paniniwala* kundi ang panulaan? Nasa kamay ng makabágong makata ang pagsasalikop ng agham at panitikan para sa “pagtuklas ng kagandahan ng Sining” (Francisco 28). Kung gayon, ang tungkulin ng pagtula ay mas nasa pag-iisip kaysa pag-alam. O ‘di kaya, pag-alam hinggil sa anyo at kalikasan ng ating pag-iisip. Ang paglalayag patungo sa walang hanggang hanggahan ay pagbalik sa sarili, sapagkat ang lahat ng daan ay daan pauwi. ♦

## MGA SANGGUNIAN

- Abad, Gémino H. *Past Mountain Dreaming*. University of the Philippines Press, 2015.
- Abulad, Romualdo E. “Si Kant at ang Pilosopiya sa Pilipinas.” *Malay*, tomo 1, blg. 1, 1981, pp. 57-68.
- Almario, Virgilio S. “Palabas at Paloob: Tambalang Mukha ng Pagtula.” *Philippine Humanities Review*, tomo 16, blg. 1, 2014, pp. 69-91.
- Almario, Virgilio S. *Balagtatismo versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*. Komisyon sa Wikang Filipino at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2016.
- Bachelard, Gaston. *The Poetics of Space*. Beacon Press, 1969.
- Baquiran, Romulo P. Jr. “Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Bagong Tula ng mga Kabataang Makata sa Filipino.” *Hulagwáy*, tomo 4, blg. 1, 2004, pp. 97-123.
- Baquiran, Romulo P. Jr. *Hiwatig: Pagsipat sa mga Tekstong Poetiko at Popular*. University of Santo Tomas Publishing House, 2014.
- Bautista, Cirilo F. *Tinik sa Dila: Isang Katipunan ng mga Tula*. University of the Philippines Press, 2003.
- Beduya, Jose Perez at Allan Popa. “Translations of Poems from Morpo.” *Kritika Kultura*, tomo 23, 2014, pp. 359-372.

<sup>28</sup> Mababasa sa mga sulatin nina Thomas Kuhn, Michel Foucault, Imre Lakatos, at Paul Feyerabend ang pag-atake sa ganitong mga kategorya ng “subjectivity” at “objectivity” sa agham. Sinipi rin ni Abulad (60) sina Kuhn at Feyerabend bilang mga kontemporaneong halimbawa hinggil sa usapin ng “pilosopiya ng siyensiya” at “siyentipikong pilosopiya.” Gayumpaman, iginigiit ni Palmquist (102, 70f, may bahagyang tugon kay Oakes) na para kay Kant, parehong maaaring magpahayag ng “katotohanan” ang kaalaman at paniniwala. Moral ang katotohanang pampaniniwala. Dito rin maikakabit ang paghugang estetiko (hinggil sa kagandahan), na mailalapat sa panulaan.

- Chomsky, Noam at Michel Foucault. *The Chomsky-Foucault Debate on Human Nature*. The New Press, 2006.
- Certeau, Michel de. *The Practice of Everyday Life*. University of California Press, 1984.
- Ceña, Resty M. *Sintaks ng Filipino*. National Commission for Culture and the Arts, 2012.
- Constantino, Ernesto. "The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages." *Lingua*, tomo 15, 1965, pp. 71-124.
- Constantino, Ernesto. "The Deep Structures of the Philippine Languages." *The Archive*, tomo 1, blg. 2, 1970, pp. 65-79.
- Derrida, Jacques. *Of Grammatology*. Isinalin ni Gayatri Chakravorty Spivak, The Johns Hopkins University Press, 1974.
- Derrida, Jacques. "Différance." *A Derrida Reader: Between the Blinds*, inedit ni Peggy Kamuf, Columbia University Press, 1991, pp. 59-79.
- Deyto, Epoy. *The Years of Permanent Midnight and Other Essays*. tollidBilly, Shonenbat Collective, 2021.
- Eliot, T.S. *The Use of Poetry and the Use of Criticism*. Faber and Faber Limited, 1935.
- Engelland, Chad. *Phenomenology*. Massachusetts Institute of Technology, 2020.
- Francisco, Jose Mario. "Wika: Lagusan ng Makata." *Katipunan*, tomo 1, blg. 1, 1971, pp. 25-39.
- Ferriols, Roque J. *Pambungad sa Metapisika*. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002.
- Garcia Villa, José. *Selected Poems and New*. Bookmark, Inc, 1993.
- Guillermo, Ramon. "Ang Kasaysayan ng 'Sariling Uica': (O Kun Sino ang Kumatha ng 'Sa Aking mga Kabata')." *Humanities Diliman*, tomo 18, blg. 2, 2021, pp. 93-119.
- Hernandez, Amado V. *Isang Dipang Langit*. Ken, Inc., 1961.
- Holmes, Barbara A. *Race and the Cosmos: An Invitation to View the World Differently*. Trinity Press International, 2002.
- Malicsi, Jonathan C. *Grammar ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman, 2013.
- Noceda, Juan de at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la lengua tagala*. Valladolid: Imprenta de Higinio Roldan, 1832.
- Nolasco, Ricardo Ma. Duran. "Kung Bakit ang 'Ay' na Pangungusap ay Karaniwan ang Ayos." *Facebook*, 28 Mayo 2021, <https://bit.ly/44Q2Pso>. Inakses noong 15 Hulyo 2023.
- Oakes, Robert A. "Noumena, Phenomena, and God." *International Journal for Philosophy of Religion*, tomo 4, blg. 1, 1973, pp. 30-38.
- Palmquist, Stephen. "Kant's 'Appropriation' of Lampe's God." *The Harvard Theological Review*, tomo 85, blg. 1, 1992, pp. 85-108.
- Panganiban, J. Villa, C.T. Panganiban, at G.E. Matute. *Panitikan ng Pilipinas*. Bede's Publishing House, 1987.
- Paz, Consuelo J., Viveca V. Hernandez, at Irma U. Peneyra. *Ang Pag-aaral ng Wika*. University of the Philippines Press, 2003.
- Pinsky, Robert. *The Figured Wheel*. Farrar, Straus and Giroux, 1996.
- Popa, Allan. *Basta*. Ateneo de Manila University Press, 2009.
- Popa, Allan. *Narkotiko at Panganorin*. Ateneo de Manila University Press, 2018.
- Popa, Allan. *Autopsiya ng Aking Kamatayan*. Tala Antala, 2019.
- Popa, Allan. *Kami sa Lahat ng Masama*. Aklat Ulagad, 2021.
- Popa, Allan. *Kundi Akala*. Aklat Ulagad, 2021.
- Popa, Allan. *Morpo*. Aklat Ulagad, 2021.

- Popa, Allan. *Libot ng Durungawan*. Aklat Ulagad, 2021.
- Popa, Allan. "Jerry Gracio hinggil sa KAMI SA LAHAT NG MASAMA." *Facebook*, 16 Setyembre 2021, <https://bit.ly/3QjX6XV>. Inakses noong 15 Hulyo 2023.
- Popa, Allan. *Walang Pagsidlan*. Aklat Ulagad, 2022.
- Richards, I. A. *Poetries and Sciences*. W.W. Norton & Company, Inc, 1970.
- Russell, Bertrand. *A History of Western Philosophy*. Simon and Schuster, 1945.
- Santiago, Vincent Christopher A. "The Constantino-Cubar Dissensus and Philippine Language Description." Ibinahaging papel sa 5th Linguistic Society of the Philippines International Conference, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology, City of Iligan, Lanao del Norte, 29 Abril 2023.
- Santos, Vito C. *Vicassan's Pilipino-English Dictionary*. Anvil Publishing, Inc., 2006.
- Sapalo, Noreen H. "A Digital Ethnography of Human Rights Discourse: The Case of Tokhang Victims." Online na panayam sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) Center for Inclusion and Diversity, *Facebook*, 21 Setyembre 2021, <https://bit.ly/3ryqSh8>. Inakses noong 15 Hulyo 2023.
- Saussure, Ferdinand de. *Course in General Linguistics*. Columbia University Press, 1959.
- Timbreza, Florentino T. *Quest for Meaning: Philosophy Made Easy for Filipinos*. New Day Publishers, 2000.
- UP Diksiyonaryong Filipino* [UPDF]. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2001.



Si EMMANUEL JAYSON V. BOLATA ay kasalukuyang instruktur sa Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nitong 2020, inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman ang kaniyang aklat, *Hindi Lang Basta Bata: Mga Pananaliksik at Panunuri sa Kasaysayan at Panitikang Pambata*. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang tesis masterado hinggil sa Pilipinong resepsiyon ng modernong kaalamang astronomiko. Email address: [evbolata@up.edu.ph](mailto:evbolata@up.edu.ph)